

# Ang Pangngalan

Ni Benigno Zamora

SA pagbanggit ng tao, bagay, lunan, o pangyayari, ay kailangan ang ngalang maikakapit sa alin man sa mga tinuran. **Pangngalan** ang itinataguri sa mga panawag na ito. Ang salitang pangngalan, na lalong may kaugnayan sa balarila kaysa alin mang pananalita, ay nitong mga huling panahon na lamang nalikha, kaalinsabay ng **pantukoy, pandiwa, pang-uri, pangatnig, pang-abay**, at iba pa, na siyang ginamit na katawagang pambalarila upang huwag nang manghiram sa mga wikang Kastila o Ingles.

Sa lathalang ito ay hindi hinahangad ng sumulat na masinsinang ipakilala ang lahat ng katangian ng pangngalan, sapagka't ang gawaing yao'y nauukol sa mataas na pag-aaral ng gramatikang pangkolehiyo, kundi yaon lamang mga sangkap na makatutulong sa madaling pagkabatid ng mga kapakanan nito sa pagbubuo ng pangungusap. May mga panawag na talagang likas na pangngalan, maging sa pag-iisa o sa pakikisama at ibang mga salita at di maipagkakamali sa iba pang mga bahagi ng panalita. Ang mga pangngalang ito ay maaaring nasa anyong payak (simple in form), inuulit (reduplicated), tambalan (compound) o maylapi (affixed).

Ang payak ay hindi na kailangang ipaliwanag pa, sapagka't sa sariling anyo ay agad mapagkikilala. Pangngalang payak ang sumusunod na mga salitang nakatitik na malinaw:

1. Sa **uhaw** ng tao'y malamig na **tubig** ang nakatitighaw; **Lalim** din ng **tubig** ang nakalulunod at nakamamatay.
2. Ang **lakas** ay hindi dapat gamiting sa pagsupil ng katwiran.
3. Ang pabayang **ina** at **amang** lagalag, Ay di susuplingan ng mabuting **anak**.

Ang mga pangngalang inuulit, na bihirang matagpuan sa Ingles, ay madalas na napagagamit sa Tagalog. Halimbawa'y ang mga sumusunod:

1. Huwag padadala sa **bali-balita**  
At sa masasama't maling **haka-haka**;  
Iyang kapusukang bunga ng hinala,  
Malimit na hangga'y ang pagkariwara.
2. Umisip tayo ng mga **bagay-bagay** na pakiki-

nabangan.

3. Ang pagtitipid ay hindi makukuha sa **sali-salita** kundi sa tunay na gawa.

Kung minsan ay dalawang salita ang pinagsasama upang makabuo ng isang pangngalan. Sa pagbubuong ito ay nabibigyan na halos bagong kahulugan ang dating salita. Ang paraang ito ay tinatawag na tambalan. Halimbawa:

1. Ang pag-asa niya'y ganap na naglaho sa isang **kisap-mata**.
2. Ang mga gantimpalang ipinagkaloob sa mga manlalaro ay galing sa isang **bahay-kalakal**.
3. Ang **buhay-Maynila** ay nakaakit sa mga tagalalawigan.

Marami ang mga pangngalang binubuo ng panlapi at salitang-ugat kaya't ang mga ito ang lalong dapat pag-ukulan ng pansin sa pag-aaral ng pagbubuo ng mga pangngalan. Ang mga panlaping ginagamit sa pagbubuo ng pangngalan ay tinatawag na panlaping makangalan (nominal affixes). Dahil sa mga panlaping ito, ang nabuong pangngalan ay nabibigyan ng lalong malawak na kahulugan kaysa inilalalin ng dating salita.

Sa kapakanan ng mga mambabasang walang malaking pagkaunawa sa pagbubuo ng mga pangngalan, iipnaliliwanag dito ngayon ang tungkulin ng mga panlaping makangalan.

## AN o HAN

Ang panlaping ito ay lagi nang ikinakabit sa hulihan ng salita.

Sa salitang payak:

Ang baul ay **taguan** ng mga damit.

Naghihintay ang mga pasahero sa **hintuan** ng trak.

Pagdating ng **anihan**, panahon ng utangan.

Sa salitang inuulit:

Ingatan mo sana ang ating mga **dala-dalahan** at baka mawala.

Nag-aaral ng pananahi ang **anak-anakan** nilang si Trining.

Tatlong pinagtungkong bato ang ginawang **kalan-kalanan** nang sila'y magpiknik.

Sa salitang tambalan:

Kung **basag-uluhan** din lamang ang ipapanhik ninyo rito sa bahay, mabuti pa'y maghiwa-hiwalay na kayo.

Sa tuwing babanggitin ang utang ay laging **bun-tunghiningahan** ang naririnig sa magkakapatid.

Ang tunay na mabuting pagsasamahan ay hindi laging natatamo sa **daupang-palad**.

Kung minsan, ang mga pangngalang may panlapi nang AN o HAN ay nararagdagan pa rin ng ganitong mga panlapi, kaya't nagiging ANAN o HANAN, halimbawa:

Gayon na lamang ang **sigawanan** (galing sa salitang sigawan) ng mga tao nang manalo ang kanilang kandidato.

Lalo raw mahal ang mga biling ngayon, ang **sabihanan** ng mga tao.

Sa mga nagsusunong ng mabibigat na dalahin ay kailangan ang **sununganan**.

#### IN o HIN

Sa pagbubuo ng pangngalan, ang panlaping ito ay maaaring ilagay sa unahan, sa loob, o sa hulihan ng salitang nilalapan.

May panlapi sa unahan:

Ang **inuyat** ay karaniwang isinasama sa pagkain ng suman.

Ugali ng mga Pilipino ang magbigay ng aginaldo sa kanilang mga **inaanak** kung Pasko.

Tigkakapirasong lupa ang ipinamana ng **matanda** sa kanyang mga **inapo**.

May panlapi sa loob ng salita:

Ang kailangan ng **binata'y** dangal; ang kailangan ng dalaga'y puri.

Ang **pinaksiw** ay pagkaing Insik.

Kung kapos tayo ng bigas, kumain tayo ng **binatog**.

May panlapi sa hulihan:

Sino ang **panauhin** ninyo noong Linggo?

Maraming magagandang **tanawin** sa Pilipinas, na hindi nalalaman ng mga tagaibang bansa.

Ang **kilawin** ay isa sa mga naiibigan kong mga lutuing bahay.

#### KA-AN o HAN

Sa pagbubuo ng mga pangngalan may ganitong pang-uri, ang KA ay ikinakabit sa unahan ng salita, at ang AN o HAN ay sa hulihan. Kabilaan ang tawag sa balarila sa ganitong paglalapi.

Pahirap nang pahirap ang **kabuhayan** ng mga Pilipino.

Sa **karangyaan** ay nangunguna na ang maraming matataas na pinuno ng pamahalaan na hindi nahihirapang kumita ng salapi.

Hindi likas sa mga Pilipino ang **katamaran**; manapa'y ang pagkabalagsak sa kabuhayan.

#### MAG

Ang panlaping ito, kung bagaman ginagamit sa pandiwa, ay may ibang kapaanan sa pagkapanlaping makangalan. Ang pagkakaibang ito ay mapagsisiya sa ayos ng pagkagamit ng salita sa pangungusap. Nailalapi rin ito sa mga salitang may dati nang panlapi.

Ang pagpapakahirap ng **mag-asawa** ay iniuukol sa ikabubuti ng kanilang mga anak.

Gumawa ng paraan ang magkapatid upang maipagamot ang inang may-sakit.

Gaano na nga ang kikitain ng isang **magsasaka** sa panahong ito?

#### MANG (MAM o MAN)

Upang makabuo ng pangngalan sa tulong ng panlaping ito, ang salitang-ugat ay kailangang mag-ulit ng unang pantig.

Totoong napakarami na nating **manggagamot**, at ang iba sa kanila'y nangingibangbansa na tuloy.

Ang **mandurukot** ang pinakaduwa at pinakamababang lipi ng mga magnanakaw.

Tatlong baboy-ramo ang napatay ng mga **mamamaril** (mambabaryl).